

**“Nangungusap Sa Akin Ang Diyos Sa Pamamagitan Ng BIBLIA. Dito IPINAKIKILA Sa Akin Ng Diyos Ang AKING TAGAPAGLIGTAS.”**

I Am...
God’s child by Scripture alone - Tagalog
Copyright © 2020 - WELS - BWM
Tract 3 of 6-MLP Cat No 385527

Multi-Language Productions
Bringing the Word to the World
wels.net/mlp

# Ako ay



## ANAK NG DIYOS SA PAMAMAGITAN NG SALITA NG DIYOS LAMANG

## Ako ay anak ng Diyos sa pamamagitan ng Salita ng Diyos lamang

Bilang isang Luterano, ang aking pananampalataya ay maibubuod sa tatlong parirala: pananampalataya lamang, kagandahang-loob ng Diyos lamang, at Salita ng Diyos o Biblia lamang. Ngunit ano ang ibig kong sabihin na ako ay anak ng Diyos sa pamamagitan ng Salita ng Diyos lamang?

Bilang isang Luterano, naniniwala ako na ipinahahayag ng Diyos sa akin sa Biblia o Banal na Kasulatan ang nais niyang aking malaman. Ang Biblia ay Salita ng Diyos at umaasa ako sa Biblia lamang para sa lahat ng kailangan kong malaman tungkol sa Diyos.

Naniniwala ako na ang buong Kasulatan ay Salita ng Diyos. Hindi ko hahanapin ang Diyos sa kakaiba at malayong mga lugar. Hindi ko kailangang umakyat ng mga bundok o tumawid sa malawak na mga dagat upang hanapin ang Diyos. Nasaan ang Diyos? Alam ko. Sa Kanyang Salita lamang, sa Biblia. Sapagkat ang Biblia ay mismong mga salita ng Diyos.

Sinasabi ng Biblia mismo: "Ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan ng Diyos" (2 Timoteo 3:16). Sina Moises, Lucas, at Pablo (at iba pang mga manunulat ng Biblia) ang sumulat ng mga titik at aklat, ngunit ang Diyos ang naghayag ng mensahe ng Biblia. Sa mahiwagang pamamaraan, ipinagkaloob ng Diyos sa mga propeta at mga apostol ang mismong mga salitang nais niyang isulat nila. Ang Biblia ang tinig ng Diyos. Hinahanap mo ba ang Diyos? Nais mo bang maging malapit sa kanya? Tumingin ka sa Biblia. Siya ay lagi mong matatagpuan doon.


Ang Biblia ang lugar kung saan inihahayag ng Diyos si Jesu-Cristo sa atin. Ang lahat ng Kasulatan ay nangungusap tungkol kay Jesus. Ipinangako sa Lumang Tipan ang pagdating ni Jesus. Ipinakikita sa Bagong Tipan ang katuparan ng pangakong ito. Ang pangakong ibinibigay ng Diyos sa atin sa Biblia ay ang pangako ng kapatawaran at buhay na walang hanggan na binili ng dugo ni Jesus.

Sinasabi sa atin ng Biblia kung paano tayo iniligtas ni Jesus. Sinasabi nito na si Jesus ay Diyos at siya ay nagkatawang-tao. Sinasabi nito na si Jesus ay namuhay nang ganap para sa atin. Sinasabi nito na ibinigay ni Jesus ang kanyang buhay bilang kabayaran sa ating mga kasalanan. Si Jesus mismo ang nagsabi, "Ang mga Kasulatang iyan ang nagpapatotoo tungkol sa akin" (Juan 5:39).

Magagawa ng Diyos na sa isang iglap ay magkaroon ng pananampalataya ang mga tao kung kanyang nanaisin. Magagawa niyang lumikha ng pananampalataya habang tayo ay natutulog, kumakain, o naglalaro. Ngunit ipinasiya ng Diyos na kumilos sa pamamagitan ng kanyang mga salita lamang. Ginagamit ng Espiritu Santo ang mabuting balita tungkol kay Jesus upang likhain at patatagin ang pananampalatayang nagliligtas. Sinasabi mismo ng Biblia sa atin, "Kaya't ang pananampalataya ay bunga ng pakikinig" (Roma 10:17).

Ang Biblia ang lugar kung saan ang Diyos ay nangungusap sa akin at sa lahat ng tao. Dito ipinakikilala ng Diyos sa atin ang tungkol sa ating Tagapagligtas. Ito ang pamamaraang ginagamit ng Diyos upang iligtas tayo. Paano natin nalalaman na iniibig tayo ng Diyos at pinagkakalooban tayo ng buhay na walang hanggan? Sinasabi ito ng maliwanag sa isang payak na awiting pambata: "Mahal ako ni Jesus. Sabi ng Biblia."







### Ang Biblia ay Salita ng Diyos